5 MGA RASON KUNG BAKIT KINAKAILANGANG MAGPASURI NG MALULUSOG NA TAO PARA SA COVID-19

1 Upang maalis ang posibilidad na mayroon kang COVID-19 and hindi mo ito alam

Magpasuri para sa COVID-19 upang masigurado na hindi ka asymptomatic carrier ng virus – iyon ay isang tao na mayroong virus na walang anumang sintomas ngunit maaaring maikalat pa rin sa iba. Ayon sa CDC, halos 4 sa 10 na tao na mayroong COVID-19 ay hindi nagpapakita ng mga sintomas. Ang asymptomatic spreaders ay ang pinakamalaking rason kung bakit nagiging mahirap pigilan ang pagkalat ng virus.

2 Gumawa ng aksyon hangga't maaga kung ikaw ay may COVID-19

Isa pang rason upang dapat magpasuri ay dahil kung ikaw nasa mga maagang yugto ng impeksyon ng COVID-19, ang maagang pagtukoy nito ay makakapagbigay daan sayo upang mag-isolate, magpahinga at magpagaling, subaybayan ang iyong sintomas, at kung kinakailangan, kumuha ng medikal na pangagalaga. Pinahihintulutan din nito ang mga contact tracer na magsimula sa pag-track ng sinumang maaaring nahawa.

3 Upang makapaglaan ng oras kasama ang mga kaibigan at kapamilya – lalo na ang mga taong nasa malaking panganib

Pagkatapos ang ilang buwang pagkakawalay, marami sa atin ay gustong-gusto ng makipagkita muli ng personal sa ating mga kaibigan at kapamilya. Kung ikaw ay nagpa-planong makasama ng matagal ang iyong mga mahal sa buhay, umiwas sa mga aktibidad na malaki ang panganib ng 10 na araw at magpasuri pagkatapos nito. Ito ay importante lalo na kung ang isang kaibigan o kapamilya ay may malaking tsansa na magkaroon ng malalang sakit mula sa COVID-19, isang grupo na kinabibilangan ng mga matatanda (lolo/lola), mga taong may pinagbabatayang mga medikal na kondisyon tulad ng sakit sa puso, diabetes, katabaan o obesity, pati na rin ang mga buntis, at sinuman na may nakompromisong immune system. Protektahan ang iyong mga mahal sa buhay sa pamamagitan ng paglayo mula sa mga aktibidad na malaki ang panganib at sa papasuri muna bago ka bumisita.

4 Upang paandarin muli ang ekonomiya

Ang pagpapasuri para sa COVID-19 ay nagbibigay ng kasiguraduhan para sa mga pumapasok sa trabaho, lalo na kung ikaw ay nagtatrabaho sa mga lugar na mayroon malaking panganib tulad ng mga paaralan, unibersidad, mga pamilihan o bilang first responder. Sumali sa mga libreng screening test sa inyong lugar ng trabaho o lungsod, o maghanap ng iyong sariling lugar kung saan may nagsusuri upang ipakita sa iyong mga katrabaho, boss, guro at mga mamimili na puwede silang makaramdam na sila'y ligtas sa pagtatrabaho at paggawa ng negosyo kasama ka. Sa paggawa nito, nakakatulong ito sa pagpapanatiling bukas ng mga negosyo, patuloy na pagtakbo ng ekonomiya at kasabay nito ang pagpapanatiling ligtas at malusog ang lahat.

5 Upang makatulong sa pagkontrol ng virus

Tayo'y nagtrabaho ng maigi upang patagin ang kurba. Habang tayo'y papunta sa taglagas at taglamig, ang malawakang magsusuri sa mga malulusog na tao ay makakatulong sa paghinto ng pagkalat ng COVID-19. Ang pag-screen sa mga malulusog na tao, pagpapanatili sa itaas ng mga positibong kaso, pagtukoy ng mabilis sa mga bagong pagkalat, at pagkakaroon ng malay kung paano kumakalat ang virus sa mga tao ng walang sintomas, ay isang makapangyarihang kagamitan sa ating pagsisikap na mapigilan ang virus.

Importanteng tatandaan na ang pagpapasuri sa COVID-19 ay isang beses lamang na assessment, at ipapakita lamang kung ikaw ay nahawan sa oras ng pagsusuri. Ang araw-araw na hakbang sa prebensyon, tulad ng paghuhugas ng kamay, pisikal na pagdidistansiya, pagsuot ng mask ay dapat laging ginagawa, kahit pagkatapos mong magpasuri. Kung ikaw ay isang front line worker, estudyante sa kolehiyo, o madalas sa mga sitwasyong malaki ang panganib, ang paulit-ulit na pagpapatest ay ang pinakamainam na paraan upang makumpirma ang iyong negatibong estado sa paglipas ng panahon.

#TaketheTest

Make your voice heard! Share your testing experience on social media